# Walang dumadapo sa Muslim na pagkapata ni pagkakasakit ni alalahanin ni lungkot ni perhuwisyo ni hapis ‒ kahit ang tinik na tumuturok sa kanya ‒ malibang magtatakip-sala si Allāh sa pamamagitan ng mga ito sa mga kamalian niya."}

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khuḍrīy at ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Walang dumadapo sa Muslim na pagkapata ni pagkakasakit ni alalahanin ni lungkot ni perhuwisyo ni hapis ‒ kahit ang tinik na tumuturok sa kanya ‒ malibang magtatakip-sala si Allāh sa pamamagitan ng mga ito sa mga kamalian niya."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang dumadapo sa Muslim na mga karamdaman, mga alalahanin, mga lungkot, mga dalamhati, mga sakuna, mga kasawiang-palad, pangamba, at gutom ‒ kahit pa man ito ay isang tinik na tumatama sa kanya ‒ iyon ay magiging isang panakip-sala sa mga pagkakasala niya at isang pagbababa ng mga kamalian niya.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee